



Mga Newcomer

Maaari kang mabenepisyuhan sa paggawa ng iyong mga buwis!

Bayad sa benepisyo at kredito

Canada child benefit

- Hanggang **\$6,496** bawat taon para sa bawat bata na nasa ilalim ng edad na 6 na taong gulang
- Hanggang **\$5,481** bawat taon para sa bawat bata na nasa edad na 6 hanggang 17
- + anumang kaugnay na bayad sa lalawigan/teritoryo na maaaring nararapat ka

GST/HST credit

- Hanggang **\$568** bawat taon
- + **\$149** bawat taon para sa bawat batang na nasa ilalim ng edad na 19 taong gulang
- + anumang kaugnay na bayad sa lalawigan na maaaring nararapat ka

Paano mo nakukuha ang iyong mga bayad?

Mag-apply para sa mga benepisyo at kredito sa sandaling makuha mo ang numero ng iyong social insurance mula sa Service Canada. Pagkatapos ay punan ang mga sumusunod na form at ipadala ito sa Canada Revenue Agency (CRA) kasama ng **lahat** ng mga kailangang dokumento:

- Form RC66, Canada Child Benefits Application
- Form RC66SCH, Status in Canada / Statement of Income
- Form RC151, GST/HST Credit Application for Individuals Who Become Residents of Canada

Paano mo patuloy nakukuha ang iyong mga bayad?

Kailangan mo lang mag-apply ng isang beses para malaman kung nararapat ka sa bayad sa benepisyo at kredito. Pagkatapos, bilang residente ng Canada, kailangan mong **gawin ang mga buwis mo bawat taon**, kahit na wala kang kita, para patuloy na makuha ang mga bayad mo.

Gagamitin ng CRA ang impormasyon mula sa buwis ng kita mo at pagsasauli ng benepisyo para kalkulahin ang mga halaga ng bayad mo. Kung mayroon kang asawa o common-law partner, kailangan din nilang gawin ang buwis nila bawat taon.



Canada Revenue
Agency

Agence du revenu
du Canada

Canada

Kailangan ng tulong?

Programang Boluntaryo sa Komunidad sa Buwis sa Kita (Community Volunteer Income Tax Program)

Ito ay libreng programa kung saan maaring gawin ng mga boluntaryo ang mga buwis mo para sa iyo, kung katamtaman ang kita mo at may simpleng sitwasyon sa buwis. Para makahanap ng boluntaryong malapit sa iyo, pumunta sa canada.ca/taxes-help.

Pahintulutan ang kinatawan

Maaari kang magbigay ng pahintulot sa ibang tao (tulad ng miyembro ng pamilya, kaibigan o accountant) para pangasiwaan ang CRA para sa iyo. Maaari kang magdagdag o mag-alis ng kinatawan sa pamamagitan ng My Account o maaari mong punan ang Form T1013, Authorizing or Cancelling a Representative, at ipadala ito sa CRA.

Magpatala sa direktang deposito

Sa direktang deposito, maaari mong direktang ipadeposito ang refund mo sa buwis at mga bayad sa benepisyo sa account mo sa bangko. Hindi ka makakakuha ng tseke sa koreo. Para magpatala, pumunta sa canada.ca/cra-direct-deposit.

Magrehistro sa My Account

Matapos matasa ng CRA ang una mong return, maaari kang magrehistro para sa My Account para pamahalaan ang tungkol sa iyong buwis at benepisyo online. Masusubaybayan mo ang iyong refund, masusuri ang iyong mga bayad sa benepisyo at kredito at mga petsa, at marami pang iba! Para magrehistro, pumunta sa canada.ca/my-cra-account.

Iwasan ang mga pagkaantala at mga maling bayad

Ang mga pagbabago sa personal mong impormasyon tulad ng katayuan mo sa pag-aasawa, bilang ng mga batang inaalagaan mo, at ang address mo ay direktang nakakaapekto sa mga bayad mo sa benepisyo. Para maiwasan ang mga pagkaantala at mga maling bayad, i-update ang personal mong impormasyon sa My Account o tumawag sa CRA.

Kailangan ng karagdagang impormasyon?

Online



- Impormasyon para sa mga newcomer: canada.ca/taxes-newcomers
- Mga benepisyo sa anak at pamilya: canada.ca/child-family-benefits
- Maghandang gawin ang mga buwis mo: canada.ca/taxes-get-ready
- Mga CRA form at publikasyon: canada.ca/cra-forms

Sa telepono



- Para magtanong tungkol sa mga benepisyo: **1-800-387-1193**
- Para sa mga pangkalahatang tanong at para makakuha ng mga form: **1-800-959-8281**
- Service Canada (numero ng social insurance): **1-800-206-7218**

* Ang mga opisyal na bersyon ng dokumento ng katiyakang kaalaman na ito ay nasa wikang Ingles at Pranses. Dahil sa mga pananarinari sa pagsasalina sa Tagalog, maaaring bahagyang magkaiba ang mga pagkakaiba.